




KOMPRONTASYON SA LANSI NG PUSÓNG

JOHN CARLO S. GLORIA

MGA SIGNOS

Binubulid sa takbo ng aking isip
Mga hinabing hibla ng panaginip —
Tatatlo ang talinghaga ng pasakit:
Kuwagong ang mata'y sa dilim nakatitig,
Duguang buwang sa dampa masisilip,
At ang pusóng na may ngiting mahiwatig.

PANAHON NG HUWAD NA PUSÓNG

Matagal nang limot ang mga bayani ng epiko sa bayang ito. Nangamatay na ang mga tumatagulaylay sa tula. Ikinukulong sila ng mga salat na salita at naglaho na sa kaibuturan ng diwa. Tanging mga pilosopo't pantas lang ang humuhukay sa ating ulyaning ulirat. Sila-sila ang nag-uusap at di natin sila mauulinig. Panahon na ng bagong pusóng sa bayang ito. Iluluklok natin siya sa mga lumang trono, ginintuang inidoro. Ganti ito sa aristokrasya ng akademya, sa sistemang mapang-isa, sa mapanamantalang burgesya.

Panahon na ng pekeng pusóng sa bayang ito at payapa tayong nagpasakop sa pagbibiro. Nagpakiliti sa kumpas ng kamatayan; nagpalansi sa lansa ng kalaswaan. Tinanga tayo sa tawang mapagpalaya sa tungking akala. Kalaunan pa natin matutuklasan ang makinarya ng pangmamanipula: pinupuhunanan ang kasinungalingan, pinapalakpakan ang kahibangan, ipinagmamalaki ang pagkaalipin, at ipinagdiriwang ang karahasan.

Kalaunan pa natin matutuklasan na panahon ito ng pusóng na berdugo. Lipas na ang mga kuwentong aswang, kababalaghan, at multo. Siya na ang sumasaklot sa takot, ang nagpapaduda sa dunong, ang lumiligalig sa loob. Kaya't hahanapin nating muli ang mga naglaho nang bayani sa epiko. Dudulog tayong muli sa pinipi nating mga pantas at pilosopo. Hahanguin ang konsepto ng kolektibo sa pinangibabaw nating “ako.” Sapagkat mauunawa nating sa dulo – sa yugto ng mga sigwa at gulo – na wala tayong aasahang saklolo sa diablong nakademit-payaso.

PASKO NG PAGKABUHAY

Hapon na nang magbangon si Hesus
mula sa pagkakasalampak sa papag.
Sinalat-salat ang sugat sa palad
na nagsisimula nang magbalat,
naglaho na ang pagnanaknak
pagkat ilang araw nalibing sa tigil-trabaho.
Wala na rito ang sakit.
Hindi na ito ang iniinda
ng isip, loob, at kaluluwa.

Marahan niyang ininat ang braso
Tinungo ang pawid na pinto.
Sa labas, naroon ang dalawang anak,
Nagtapon ng mga tinging nangingilala.
“*Gising na siya,*” ang tanging nasabi ng isa.
Tahimik ang paglapit sa kanya ni Magdalena
kasama ang titig nitong nagtatanong ng “*Paano na?*”
Walang imik na pagtatabi’t pagtanaw sa labas –
Naroon pa rin ang mga tuod na bantay,
ang sala-salabid na lubid,
ang luray na kartong sinulatan ng *Baranggay Lockdown*,
ang mga tulirong kapitbahay.

Naisip niya kung kailan yayanig itong lupa
at bababa ang mga anghel
para maghayag ng katubusan,
Lunas sa magkakasupling nilang pasakit.
Hindi na niya masabi sa katabing “*Huwag kang matakot,*”
pagkat alam niyang penitensiya
ang salubong ng sanlinggong parating.

Baog na himala ang pangako ng pagkabuhay
sa mga diyos na may duguang kamay.

ANG HINDI NILA SINASABI

Marami silang hindi sinasabi sa 'min, mga tungkol sa 'min
Na nauunawa na lang din sa dulo. Itinuturo

Nitong buhay-na-wala ang kayraming pagkakaroon
Ng tapang, lakas ng loob at sikmura para balikatin

Itong pahirap ng pandemya. Ikinukumpas nila
Ang mga salat na araw sa mga akronim na di mawawaan

Ang kaibahan. Na magkakatulad lang din ang tunog
At dulot: Kailangang banatin ang hungkag nang buto

Para may mailagay sa plato. Parating pansamantala ang ayudang
Suwertihan kung dumampi sa palad. Kaya't hindi puwedeng pumirmi

Sa bahay. Laging sugal at sapalaran ang paglabas. Tinatayâ
Sa hapag ng kamatayan itong buhay para sa kabuhayang may naghihintay

Na tiyang lalamanan, gatas at diaper na bibilhin, rentang babayaran.
Hindi nila sinasabi na kami ang isakripisyong tupa, ang eksperimental

Na katawang pantubos sa kabaogan ng punong walang ugat,
Walang bayag na umako ng responsibilidad kaya't kami ang ituturo

Bilang mga pasaway, mga tagapagpakalat sapagkat lagalag
Dito sa lungsod. Habang silang hindi nagpapawis

Ang singit, nakaprenteng namamahinga. Kunwaring nagkukulambo
Kahit laging busog ang bulsa. Itim ang kaluluwa

Nilang hindi sinasabi ang lansing nauunawa na lang namin sa dulo:
Hindi pandemya ang hari-hariang kailangang masupil kundi silang mga inutil.

KUNG SAAN NAMIN NATATAGPUAN ITONG PAG-ASA SA KABILA NG PANLALANSI

(tugon sa tulang *Hope Is Not a Bird, Emily, It's a Sewer Rat* ni Caitlin Seida)

Matagal na tayong nagising sa hele
ng pahayag ni Aesop, "*Sic itur ad astra*"
Sapagkat dilat na pamamantasya
ang mangarap ng daan tungo sa mga bituin.
Talinghagang hungkag itong nilumot na
ng kayraming tag-ulan,
kalawang na naiwang tiwangwang
sa mga butas ng ating bubong.
Wala, kasama, ang pag-asa
sa mga metapora ng astrolohiya,
sa bahaghari, sa buntot ng bulalakaw
o sa rutinaryong pagbubukang-liwayway.
Dahil nalimot na natin ang pagtingala.
Natutuhang nasa pagyukod sa mga panginoon
ang pagpapalang sagot
sa magkasalabid na bugtong ng nasa at ginhawa.

Naroon sa iniilagan nating mga sulok
ng pandama itong pag-asa –
Natatagpuan sa basurang bitbit ng maburak na estero,
sa mga graffiti sa pader na iniihian ng mga lasenggo.
Nakikilala natin sa ugating palad ng magsasaka,
sa paos na tinig at may tuping plakard ng aktibista.
Nasasalat natin itong pag-asa
sa bagsak na balik at ng kapwa obrero,
sa sartin ng pulubi, sa luha ng lumad,
sa humpak na pisngi ng batang-lansangan.

Hindi tanawing nakalulugod sa kaluluwa ang pag-asa.
Natititigan lamang natin ito nang mata-sa-mata
sa tuwing tayo'y nakikibaka.

KOMPRONTASYON SA LANSI NG HUWAD NA PUSÓNG

Hindi kalabisan ang pagsasabing lampas na sa abot-tanaw ang narating ng mga pag-aaral na may kinalaman sa pusong bilang tauhan sa ating mga kuwentong bayan at naging arketipong nakapanawid sa iba't ibang tekstuwal na anyo. Ang pusong ay hindi na lamang isang karakter na “mayabang, walang hiya, [at] eskandaloso” sa poklorikong Pilipino (“Pósong”). Buhat nang pahalagahan ng akademya ang bisa ng pag(papa)tawa nang lampas sa gampanin nitong pang-aliw, sumilay ang bisang subersibo ng pusong at naihanay ang mga pagkilos nito sang-ayon sa kapakanan ng masa at kagalingang panlipunan.¹

Sa kabilang banda, kailangang maidiin ang pangangailangan sa patuloy na panunuliranin sa imahen ng pusong bunga na rin ng kakayahan nitong makapanawid sa iba't ibang panahon at makapagbago ng anyo sa pamamagitan ng pag-aangkin ng samot-saring katangian, uri o hubog sa anomang teksto (Abrahams 170). Ganito ang binubuksang diskurso ni Vicente Rafael sa kaniyang pagpapanukala ng konsepto ng *sovereign trickster* o ng soberanong pusong.² Nalilikha ang uring ito ng pusong sa pamamagitan ng “pang-uumit” sa mga pamilyar na katangian ng isang tipikal na pusong na pamilyar sa madla katulad ng pagiging komiko, bulgar, mapagmalabis, at iba pa. Subalit kaiba rito, ang soberanong pusong ay hindi lamang temporal na humahawak ng kapangyarihan. Namamalagi ito sa poder at pinatitindi pa ang dominasyon nito upang matiyak ang pamamayani ng kaniyang kontrol. Makikita ang *split-subjectivity* sa pusong na ito sapagkat kahit na taglay ang pinakamataas na posisyon sa estado, nagagawa nitong punahin ang iba pang mga institusyong panlipunan na tulad niya ay nakikinabang din sa kapangyarihan. Ito ang dahilan, kasama ng kaniyang pagpapakita ng mga kalabisan tulad ng pagbibiro, pagmumura, at pagiging malaswa, kaya’t nakahahatak siya ng interes at simpatya ng masa (Rafael 153-154). Sa kabilang banda, ang pusong ding ito ang siyang magsasakatuparan ng mga hakbang upang gipitin ang mga nasa saklaw ng kaniyang kapangyarihan at nang higit silang makontrol at makasangkapan. Sangkot din sa nabanggit na kalabisan ang karahasang

1 Maibibilang dito bilang halimbawa ang mga seminal na pag-aaral gaya ng kina Nicanor Tiongson at Hope Sabanpan-Yu. Tingnan sa Tiongson, Nicanor G. “Ang Pusong Sa Dulang Tagalog: Panimulang Pag-Aaral.” *Memories, Visions and Scholarships and Other Essays*, U of the Philippines – Center for Integrative and Development Studies, pp. 305-338; at Sabanpan-Yu, Hope. “Reversals of Power: A Carnavalesque Reading of the Tales Juan Pusong.” *Philippine Quarterly of Culture and Society*, tomo 42, blg. 3/4, Set-Dis. 2014, pp. 139-178, <https://www.jstor.org/stable/44512018>.

2 Taong 2022, ang kritikal na sanaysay ni Rafael na “The Sovereign Trickster” na unang lumbas sa *The Journal of Asian Studies*, tomo 1, Peb. 2019, pp. 141-166, doi: 10.1017/S0021911818002656, ay muling inilimbag bilang isang buong libro sa pamamahala ng Ateneo de Manila University Press at Duke University Press. Sapagkat isa nang buong libro, magiging bahagi ng aklat ang iba pang paksaing tumatalakay sa rehimeng Duterte katulad ng kasaysayan ng eleksiyon, ugnayang Marcos-Duterte, neoliberalismo, at digmaan kontra-droga. Sangguniin sa Rafael, Vicente L. *The Sovereign Trickster: Death and Laughter in the Age of Duterte*. Ateneo de Manila UP, 2022.

ipinapataw ng pinunong pusong sa lipunan – taglay niya ang kakayahang tumukoy ng partikular na grupo ng mga indibiduwal na ituturing ng estado bilang kalaban, hindi dapat pamarisan kaya’t karapat-dapat na patawan ng kaparusahan na posibleng humangga sa kamatayan ng mga ito.

Bagaman maikakatwiran ang pagiging problematiko ng mga argumento ni Rafael, mahalagang bigyang-pansin pa rin ang meritong tinataglay nito. Sa halip na iangkla ang mga akda alinsunod sa konsepto ng pinunong pusong, ipinanunukala ng koleksiyon ang pag-unawa rito bilang isang pseudo o huwad na pusong. Sa ganitong pamamaraan, nababawing pabalik ng bayan ang mga katangian ng tauhan na mapagpalaya at kahanay ng masa. Kategorikal na tinatanggal nito ang nakalambong na taging sa pagpapanggap ng soberanong pusong at isinisiwalat ang kaniyang mga maniobra upang maiwasan ang lalong pagkalansi. Maaaring sa unang malas, ituring ang koleksiyon bilang paso na at naglulunoy pa rin sa hilakbot na ibinunga ng nagdaang administrasyon subalit iginigiit nito ang pagpapatuloy ng makinarya ng mga pagpapanggap, panloloko, at pang-aabuso ng mga maykapangyarihan hanggang sa kasalukuyan. Panawagan ang buong koleksiyon sa patuloy na pagmamalay sa mga nangyayari sa lipunan, malakas man ang halina ng pagpapatangay sa alon ng indibidwalismo at pagsasarili.

Walang dudang ang pangako at potensiyal ng tula ay nasa himamay ng inihahayag nitong parikala. Subalit sa panahong magkakasabay tayong ginugupo ng ragasa ng mga sistemang neoliberal na dinadambana mismo ng estado, maituturing ding may ambag na hatid ang pagiging tuwiran ng tula. Sa pagpihit palayo sa diwa ng parikala, tinatangka ng makata sa koleksiyon ang intensifikasyon ng sama-sama nating pag-unawa, na isang paraan sa pagdakip sa huwad at mapagpanggap na pusong.

Sanggunian:

- Abrahams, Roger D. “Trickster: The Outrageous Hero.” *Our Living Traditions: An Introduction to American Folklore*, pinatnugutan ni Tristram P. Coffin, Basic Books, 1968, pp. 170–178.
- “Pósong.” *Vocabulario de la lengua tagala, compuesto por varios religiosos doctos y graves, y coordinado*. Pinatnugutan at salin nina Virgilio S. Almario, et al. Komisyon sa Wikang Filipino, 2013.
- Rafael, Vicente L. “The Sovereign Trickster.” *The Journal of Asian Studies*, tomo. 78, blg. 1, Peb. 2019, pp. 141–166, <https://doi.org/10.1017/S0021911818002656>.
- , *The Sovereign Trickster: Death and Laughter in the Age of Duterte*. Ateneo de Manila UP, 2022.
- Sabanpan-Yu, Hope. “Reversals of Power: A Carnavalesque Reading of the Tales Juan Pusong.” *Philippine Quarterly of Culture and Society*,

tomo 42, blg. 3/4, Set-Dis. 2014, pp. 139-178, <https://www.jstor.org/stable/44512018>.

Tiongson, Nicanor G. "Ang Pusong Sa Dulang Tagalog: Panimulang Pag-Aaral." *Memories, Visions and Scholarships and Other Essays*, U of the Philippines – Center for Integrative and Development Studies, 2002, pp. 305-338.